

# GENDER STATION

## INSTRUMENTO

**A**ko ay isang taong matulungin at puno ng pangarap kagayarin ng ibang tao. Mula ako sa pribadong kompanya kung saan ko ginugol ang aking kaalaman ng mahigit na apat na taon.

Ako ay nakapag-isip na kailangan ko namang gamitin at ibahagi sa trabaho ang aking tinapos na kurso. Kung kaya't namasukan sa ating pamahalaan. Isa sa pumukaw sa aking damdamin ay ang mga taong naninirahan sa gilid ng riles, sa ilalim ng mga tulay. Sa River Plains Subdivision, Lanit, Jaro, Iloilo, libu-libong pamilya ang nabiyayaan ng proyektong pabahay ng ating pamahalaan. Mapalad akong maging instrumento sa pagbibigay pag-asa sa mga biktima ng Bagyong Yolanda.

Sa aming pilot site na kauna-unahang nabiyayaan ng libreng pabahay nuong June 5, 2015 ay ang San Antonio, Ajuy, Iloilo. Daan-daang galak at labis na tuwa ang aking nasilayan sa mga mata ng ating mga benepisyaryo. Napalaking kaligayahan ang makatulong sa kapuwa-tao. Dala-dala mo hangga't ikaw ay nabubuhay. Ika nga sa ating tagline "Biyaya ng Pagbabago".



*Daan-daang galak at labis na tuwa ang aking nasilayan sa mga mata ng ating mga benepisyaryo.*



*The Writer*

**ROSARY D. BILBAO**  
River Plains Subdivision,  
Lanit, Jaro, Iloilo



## WOMEN'S BASKETBALL

**A**no ang basketball? Ang basketball ay isang pisikal na laro kung saan kailangan mong tumakbo, dumepensa at pumuntos sa pamamagitan ng pag shoot ng bola sa ring. Ito ay isang laro kung saan kailangan mong gamitin ang iyong buong katawan at isipan upang maging alisto sa loob ng court.

Sa tingin niyo ba ay kaya rin ito ng mga babae? Sa panahon ngayon hindi lang lalaki ang puwedeng maglaro ng basketball. Maraming mga babaeng naglalaro at nag-eexcel sa paglalaro ng basketball. Hindi lahat ng kababihan ay nabibiyayaan ng ganitong talento. Karamihan ay sumasali sa volleyball, dancing, singing at iba pa. Bihira lang ang mga babaeng sumusubok at sumasali sa sports na ito. Sana'y mabigyan lahat ng mga babae na may interes sa paglalaro ng basketball ng oportunidad na maipakita ang pagiging matapang sa loob ng court. Maipagmalaki ang kanilang kakayahang makipagsabayan sa mga lalaki.



### *The Writer*

**ILLYSE TUESDAY A. ALCONABA**  
College Student  
San Gabriel St., Sto. Niño Buhangin,  
Davao City